Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION X – NORTHERN MINDANAO
SCHOOLS DIVISION OF EL SALVADOR CITY
**Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan**

Mayo 11, 2021

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 170, s. 2021

## DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2021

Para sa: **Mga Tagamasid Pansangay**
**Tagamasid Pampook**
**Mga Punongguro ng mga Elementarya at Sekundarya**
**Lahat ng mga Guro**
Sa Sangay na ito

1. Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilala sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, institusyon o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

2. Bukas ang nominasyon sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, institusyon o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

3. Nakalakip sa Memorandum na ito ang mga tuntuning dapat sundin sa nominasyon nauukol sa Dangal ng Wikang Filipino 2021.

4. Para sa iba pang detalye, mangyaring tumawag o magtext sa 0928-844-1349, o magpadala ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

5. Ang gawaing ito ay sumusunod sa Pantay na Prinsipyo ng Pagkakataon (Equal Opportunity Principle) kung saan walang diskriminasyon ayon sa gulang, kasarian, pagkakakilanlan, oryentasyong sekswal, katayuang sibil, kapansanan, relihiyon, lahi, o kaakibat na politikal.

CID/gcel

6. Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**OLGA C. ALONSABE, PhD, CESE**
Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
OIC- Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

FILIPINO CONTEST/ Dangal ng Wikang Filipino 2021

CID/**gcel**

Republika ng Pilipinas • Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2021

Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

1. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.
2. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.
3. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).
4. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.
5. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: **https://forms.gle/Ay4wDFxEVsYKxqnSA** : (1)**KWF Pormularyo sa Nominasyon**; (2) **Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;** (3) **Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at** (4) **Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.**

6. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bilang 6 at ipadalá sa:

**Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2021**
**Komisyon sa Wikang Filipino**
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**
**San Miguel, Maynila**

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa **30 HUNYO 2021, 5nh.**
9. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pammadayaw: Araw ng Gawad sa Agosto 2021.
10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.